

SA ISANG SULYAP

Ipinatupad ng Australia ang mga batas na AML/CTF upang matugunan ang mga pamantayang internasyonal at upang makatulong na protektahan sa maling paggamit ang mga negosyo para sa paglilinis ng pera (money laundering) at pagpopondo sa terorismo.

Bilang isang kustomer na naghahanap na mga tiyak na serbisyo maaaring tanungin ka upang patotohanan ang iyong pagkakakilanlan.

**SA PAMAMAGITAN NG
PAGPAPATOTOO NG IYONG
PAGKAKAKILANLAN,
TINUTULUNGAN MONG
PROTEKTAHAN ANG MGA
NEGOSYO SA AUSTRALIA MULA SA
MALING PAGGAMIT PARA SA MGA
HANGARIN NG KRIMINAL
NA AKTIBIDAD.**



GUSTO MO NG KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Linyang pang-impormasyon ng Kustomer: 1800 021 037
www.australia.gov.au/crimeandmoney
E-mail: customers@austrac.gov.au

PINATITIGIL
ANG PERANG ILIGAL
SA DARAAANAN NITO

ANTI-MONEY LAUNDERING AT COUNTER TERRORISM FINANCING LAWS



An Australian Government Initiative

KRIMEN AT PERA

TULUNGAN

KAMING PUTULIN ANG UGNAYAN



PINATITIGIL
ANG PERANG ILIGAL
SA DARAAANAN NITO

ANTI-MONEY LAUNDERING AT COUNTER TERRORISM FINANCING LAWS

ANO ANG MGA MONEY LAUNDERING AT PAGPINANSYA SA TERORISMO?

Ang layunin ng karamihan sa mga kriminal na gawain ay upang makabuo ng tutubuin. Ang “money laundering” ay ang proseso ng pagbabalatkayo sa ilegal na pinagmulan ng mga kitang nagmula sa kriminal na gawain. Pinapayagan nito ang mga kriminal na i-“access” at gamitin ang maruming perang nakuha sa pamamagitan ng krimen nang hindi natutunagan.

Inililipat din ng mga teroristang grupo ang mga pondo upang itago ang kanilang pinagmulan, hangarin at patutunguhan. Kabilang sa pagpopondo sa terorismo ang pagpopondo sa mga gawaing terorista, mga terorista at mga samahang terorista.

Ang money laundering at pagpopondo sa terorismo ay mga seryosong krimen.

ANO ANG MGA BATAS?

Inaatasan ng *Anti-Money Laundering and Counter-Terrorism Financing Act 2006* ang mga nagbibigay ng ilang serbisyo sa pampinansyal, pagsusugal o pagbebenta ng ginto na:

- kilalanin ang kanilang mga kustomer bago ibigay ang mga serbisyong iyon
- patuloy na subaybayan ang mga transaksyon ng kustomer kapag ibinibigay nila ang mga serbisyong iyon
- linawin o i-update ang impormasyon ng kustomer kabilang ang klase ng negosyo ng kustomer
- magtabi ng mga talaan kaugnay sa mga serbisyong iyon, at
- mag-ulat ng ilang mga transaksyon at kahina-hinalang mga bagay.

BAKIT PINASIMULAN ANG MGA BATAS?

Pinasimulan ng Pamahalaan ng Australia ang mga batas na anti-money laundering at counter-terrorism financing (AML/CTF) upang:

- iayon ang sistemang AML/CTF ng Australia sa mga internasyonal na pamantayan
- bawasan ang peligro ng maling paggamit sa mga negosyo sa Australia para sa mga hangarin ng “money laundering” o pagpopondo sa terorismo, at
- matugunan ang mga pangangailangan ng mga ahensya sa pagpapatupad ng batas para sa target na impormasyon tungkol sa aktibidad na maaaring nauugnay sa money laundering, pagpopondo sa terorismo at iba pang mga seryosong krimen.

SINO ANG NAAPEKTUHAN NG MGA BATAS?

Maaaring maapektuhan ng mga batas ang mga kustomer ng ilang mga tagapagdulot-serbisyo, kabilang ang:

- mga bangko, samahan sa pautang, building society, kumpanya sa biling pahiraman, paarkilahan at paupahan, tagapagdulot ng stored value card, tagapagdulot ng mga traveller's cheque, komersyante sa foreign exchange, kumpanya sa pamamahala ng ari-arian, komersyante sa pagpapadala ng pera, tagaplanong pampinansyal na nag-aayos para sa isyu ng mga produktong pampinansyal, tagapagseguro ng buhay, pondong superannuation, kumpanya ng serbisyo sa pangangalaga, tagapaghatid ng pera at komersyante ng mga seguridad
- ang sektor ng pagsusugal, kabilang ang mga casino, bookmaker, TAB, club at pub, mga tagapagdulot serbisyo ng internet at elektronikong pagsusugal at
- mga nagbebenta ng bulyon(ginto).

KAILAN KA MAAARING MAAPEKTUHAN?

Bilang isang kustomer maaari kang maapektuhan sa isang hanay ng mga pagkakataon, kabilang ang:

- pagbubukas ng isang “account” sa isang bangko o iba pang institusyong pampinansyal
- pagkuha ng pautang
- pagbili ng mga traveller's cheque
- pagpapadala, pagtanggap o elektronikong paglilipat ng mga pondo
- pagsasagawa ng isang transaksyon sa perang pansugal na \$10,000 o higit pa
- pagbili o pagbebenta ng bulyon (ginto), at
- pag-withdraw ng mga benepisyon superannuation.

PAANO KA MAAARING MAAPEKTUHAN?

Bilang isang kustomer, maaaring kailangan patotohanan ng negosyong katransaksyon mo ang iyong pagkakakilanlan. Maaaring mag-iba ang mga uri ng dokumentong hihilingin na ibigay mo upang mapatotohanan ang iyong pagkakakilanlan para sa iba't ibang mga transaksyon o serbisyo. Maaari ring mag-iba ang mga iyon sa iba't ibang mga tagapagdulot serbisyo.

Halimbawa, kung tinutukoy ng negosyo na ang serbisyo o transaksyon ay nalalagay sa mababang peligro ng “money laundering” o pagpopondo sa terorismo, maaaring kailanganin lamang sa mga kustomer na magpakita ng lisensya sa pagmamaneho. Para sa iba pang mga transaksyon o serbisyo, maaaring kailanganin kang magbigay ng karagdagang impormasyon.

Kabilang sa mga dokumento ng pagkakakilanlan na maaaring hilingin ibigay mo ang:

- pasaporte
- Katunayan ng kapanganakan
- lisensya sa pagmamaneho
- “statement” sa mga serbisyong pampubliko, o
- “statement” mula sa bangko o iba pang institusyong pampinansyal.

Kinakailangan ding magkaroon ang mga negosyong saklaw ng mga batas ng mga programang AML/CTF, na magsagawa ng patuloy na pagsubaybay sa aktibidad ng kustomer, at mag-ulat ng kahina-hinalang mga bagay.

Bilang isang kustomer, maaari ring hilingin sa iyo ang karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagkakakilanlan o ang iyong mga transaksyon, bilang bahagi ng patuloy na pagsubaybay ng aktibidad ng kustomer ng isang negosyo.

PAANO MAPOPROTEKTAHAN ANG IYONG PAGKAPRIBADO?

Ang mga negosyo at ahensya ng Pamahalaan ng Australia na kina ilangang mangolekta ng personal na impormasyon sa ilalim ng mga batas na AML/CTF ay kinakailangang pangasiwaan itong impormasyon ng alinsunod sa Privacy Act 1988 (*Privacy Act 1988*).

Kinokontrol ng Privacy Act ang pangongolekta, paggamit, pagbubunyag, kalidad at seguridad ng personal na impormasyon, kabilang ang para sa mga hangaring AML/CTF.

Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa mga obligasyon sa pagkapribado ng mga tagapagdulot serbisyong nagsasagawa ng mga aktibidad na AML/CTF, at ang iyong mga karapatan bilang isang kustomer ng mga tagapagdulot serbisyong iyon, sa www.privacy.gov.au/business/aml

